TARTADO, Allyssa Jane M.

PA 150 - **MHC**

ARMY AND NAVY CLUB OF MANILA, INC., PETITIONER, VS. HONORABLE COURT OF APPEALS, HON. WILFREDO D. REYES, as Judge REGIONAL TRIAL COURT OF MANILA, BRANCH 36 (formerly (Branch 17), HON. A. CAESAR SANGCO, as Judge, METROPOLITAN TRIAL COURT, BRANCH 17-MANILA and the CITY OF MANILA, represented herein by MAYOR ALFREDO LIM, respondents.

---

A. Ipaliwanag ang mga dahilan kung bakit natalo ang petitioner o respondent sa kaso?

- Ang *Army and Navy Club of Manila* ay nabigong gampanan ang mga pangunahing tuntunin na nakapaloob sa kanilang kasunduan gaya ng tamang pagbabayad ng upa at buwis. Idagdag pa rito, ang ipinangakong pagpapatayo ng isang *multi-story* na *hotel*. Dahil sa mga nabanggit, nagsampa ang Lungsod ng Maynila ng *ejectment* o pagpapaalis laban sa petisyonaryo at pagtatapos ng kanilang kontrata.
- Ipinaglalaban ng taga-petisyon bilang depensa ang *historical status* nito sapagkat idineklara ito ng *National Historical Commission* noong ika-29 ng Hunyo, taong 1992. Subalit, ang tamang proseso ukol sa pagkilala bilang isang makakasaysayang pook ay hindi nasunod, kaya't hindi kinilala ng korte ang status na ito bilang legal na depensa.
- Muling umapila para sa *amendment answer* ang nasasakdal upang baguhin ang kanilang sagot at magdagdag ng bagong depensa ngunit tinanggihan ito ng MTC dahil huli na ito ng isang taon at salungat sa orihinal na ang kanilang sagot.

B. Sumasang-ayon ka ba sa desisyon ng korte? Ipaliwanag ang iyong tindig mula sa perspektiba at interes ng kamanahang kultural.

- Sumasang-ayon ako sa desisyon ng korte. Bagama't mahalaga kung maituturing ang konsepto ng kultural at makasasayang halaga ng isang pook o ari-arian, hindi nito pinawawalang-bisa ang kasunduang nabuo sa pagitan ng dalawang panig dahil nananatiling ang Lungsod ng Maynila ang legal na nagmamay-ari. Tanging mga batas ng korte at naging aksyon lamang ng taga-petisyon ang naging batayan ng inilabas na desisyon. Kaya't tunay na mahalagang irespeto at gampanan ang mga karapatan at responsibilidad bilang may-ari at nangungupahan. Karagdagan, dapat dumaan ang

pagkilala sa tamang proseso sa pamamagitan ng National Museum o National Historical Commission.